Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214 Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG NOBYEMBRE 23, 2009 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Teresita S. Bantugan | - | Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. Emelita A. Osorio | - | Sang. Bayan Member |
| Kgg. Eduardo C. Aceron | - | -do- |
| Kgg. Rosalinda M. Cabagay | - | -do- |
| Kgg. Gideon B. Abuel | - | -do- |
| Kgg. Leonardo A. Andallon | - | -do- |
| Kgg. Ramon G. Magbanua | - | -do- |
| Kgg. Senen C. Familara | - | -do- |
| Kgg. Virgelio M. Astillo | - | Pangulo, Liga ng mga Brgy. |

**HINDI NAKADALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | - | Sang. Bayan Member |
| Kgg. Ronelle G. Feranil | - | SK Fed. President |

x-------------------------------------------------------------------x

## KAPASYAHAN BLG. 09-11-167

PAGKILALA SA KARANGALANG TINAMO NI G. JAMES A. TANDOY SA PAGWAGI NIYA NG UNANG PUWESTO SA GINANAP NA PATIMPALAK SA GAWAD SAPAT ANI WET SEASON 2009 NG LALAWIGAN NG SILANGANG MINDORO

**SAPAGKAT**, ang Pamahalaang Panlalawigan ng Silangang Mindoro ay muling naglunsad ng isang patimpalak na tinaguriang Gawad Sapat Ani Wet Season 2009 na may dalawang kategorya, ang "Search for Outstanding Hybrid Rice Farmer at Inbred Rice Farmer";

**SAPAGKAT**, ang layunin ng nabanggit na programa ay upang maitaas ang antas ng produksiyon ng aning palay sa pamamagitan ng mga makabagong teknolohiya at pamamaraan at paggamit ng sertipikadong binhi upang masugpo ang lumalalang krisis sa bigas;

**SAPAGKAT**, si G. James A. Tandoy ng Barangay Nasucob ng bayang ito na nabibilang sa sektor ng magsasaka ng may bukas na kaisipan upang yakapin at isagawa ang mga modernong pamamaraan ng pagsasaka sa paniniwalang magdudulot ito ng mataas na ani at nag-udyok sa kapwa niyang magsasaka na sundin ang makabagong teknolohiya at istratehiya sa pagsasaka;

**SAPAGKAT**, taglay ang ibayong husay at hindi matatawarang sipag at tiyaga sa patuloy na paglinang ng lupang kanyang sinasaka, napagwagian niya ang unang puwesto para sa may pinakamaraming ani ng palay sa pamamagitan ng paggamit niya ng "inbred rice" (PSB-RC-128 variety) na umani ng 183.05 kaban sa isang ektarya na tumitimbang ng 50 kilos bawat kaban;

Scanned with CamScanner

**SAPAGKAT,** ang kanyang naiuwing parangal at pagtanggap niya ng premyo na nagkakahalaga ng limampung libong piso (Php50,000.00) ay magsisilbing dangal at inspirasyon sa katulad niyang magsasaka, kung kaya't dahil dito

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA, NA:** Magbigay ng pagkilala sa karangalang tinamo ni G. James A. Tandoy sa pagwagi niya ng unang puwesto sa ginanap na patimpalak sa Gawad Sapat Ani Wet Season 2009 ng Lalawigan ng Silangang Mindoro;

**SA MUNGKAHI** ni Konsehal Gideon B. Abuel na magkasamang pinangalawahan ni Konsehal Ramon G. Magbanua at Konsehal Leonardo A.Andallon, ang kapasiyahang ito ay. . .

**PINAGTIBAY:** Nobyembre 23, 2009, Bulalacao,Silangang Mindoro.

---

| | |
|---|---|
| **EMELITA A. OSORIO**<br>SB Member | **EDUARDO C. ACERON**<br>SB Member |
| **ROSALINDA M. CABAGAY**<br>SB Member | **GIDEON B. ABUEL**<br>SB Member |
| **LEONARDO A. ANDALLON**<br>SB Member | **RAMON G. MAGBANUA**<br>SB Member |
| **SENEN C. FAMILARA**<br>SB Member | **VIRGELIO M. ASTILLO**<br>Pres., Liga ng mga Brgy. |

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Pansamantalang Kalihim

**SINAKSIHAN:**

**TERESITA S. BANTUGAN**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**ENGR. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 11/27/09

091125/PLP/bme

Scanned with CamScanner